
Kuwento ni Tere Bautista

Guhit ni Toya Esquillo

# Si Ramon:
# ANG BATANG MARAMOT



Tungkol ito sa batang ayaw tulungan ang kanyang mga kaklase ngayong distant learning

AHA! Learning Center



Tahimik na naglalaro si Ramon sa kaniyang malaking kuarto dahil tapos na ang asssignment na pinapagawa ng kaniyang guro. Gamit niya ang laptop ng bigay ng kaniyang ina para sa online class.




Makalipas ng minuto, biglang nagmessage sa kaniya ang kaklase niyang humihingi ng tulong.

"Ramon, pwede mo ba ako tulungan sa isang assignment natin?
Hindi ko kasi talaga maintindihan, eh",
tanong ng kaniyang kaklase na si Joanne.



“Manghingi ka kaya ng tulong sa iba! Sa susunod kay Ma’am ka magtanong at makinig ka ng mabuti sa klase.”

animo sagot ni Ramon.




Hindi na muli sumagot si Joanne at si Ramon naman ay masaya pinagpatuloy ang kaniyang paglalaro.



Kinagabihan, bigla na lamang naganunsyo ang guro ni Ramon na mayroon silang bagong takdang aralin sa Matematika.



Nagulat si Ramon nang hindi niya maintindihan
ang panukala (instructions)
ng kaniyang guro.






Nahihiyang magtanong si Ramon sa kaniyang guro kaya naisip niyang magtanong sa kaniyang kaklase.

Ang tanging kaklase
niya lamang na maari niya pagtanungan ay si Joanne dahil siya lamang ang kilala ni Ramon. Walang kaibigan si Ramon dahil sa kaniyang pagiging maramot.

Hindi na nahiyang nagmessage
si Ramon kay Joanne.




sabi ni Ramon.



"Ayoko nga!
Napakadamot at sungit
mo. Tinatanong lang
naman kita ng maayos
tapos ganun ang isasagot
mo sa akin. Magpatulong
ka sa iba at sa susunod
makinig ka ng maayos at
kay Ma'am ka magtanong"

ang galit na sagot
ni Joanne.




Biglang nalungkot si Ramon sa pangyayari dahil napansin niya na siya nga talaga ay naging masungit at maramot sa kaniyang kaklase.

Dahil dito, nangako na si Ramon na tutulungan na niya ang mga taong nanganagilangan ng tulong sa kaniya.



Inabot ng ilang araw bago maisipan ni Ramon na i-message muli si Joanne para manghingi ng pasensya;



at nangako si Ramon na hindi niya iyon gagawin muli.

